5

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
MIMAROPA Region

JUL 04 2023

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| FOR | : | The Regional Executive Director<br>1515 DENR By the Bay Building, Roxas Boulevard<br>Barangay 668, Ermita, Manila |
| THRU | : | The ARD for Technical Services |
| FROM | : | The OIC, PENR Officer |
| SUBJECT | : | REPORT ON THE RE-ACTIVATION/ REVITALIZE AND ORIENTATION OF MUNICIPAL MULTI-SECTORAL FOREST PROTECTION COMMITTEE (MMFPC) MEETING WITH LGU OF STA. CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO |

Respectfully forwarded is the Memorandum dated June 20, 2023 from CENRO Sablayan pertaining to the above mentioned subject.

Please be informed that CENRO Sablayan conducted Re-Activation/ Revitalize and Orientation of Municipal Multi-Sectoral Forest Protection Committee (MMFPC) with MLGU of Sta. Cruz, Occidental Mindoro on May 05, 2023.

For information and record.

**ERNESTO E. TAÑADA**

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

June 20, 2023

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| FOR | : | The Regional Executive Director<br>1515 DENR by the Bay Bldg., Roxas Blvd.,<br>Barangay 668, Ermita, Manila |
| THRU | : | The PENR Officer<br>DENR-PENRO Mamburao, Occidental Mindoro |
| FROM | : | The CENR Officer |
| SUBJECT | : | **REPORT ON RE-ACTIVATION/REVITALIZE AND ORIENTATION OF MUNICIPAL MULTI-SECTORAL FOREST PROTECTION COMMITTEE (MMFPC) MEETING WITH LGU OF STA.CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO.** |

Respectfully forwarded is the Report of Enforcement and Monitoring Section (EMS) regarding the Reactivation/Revitalize and Orientation of Municipal Multi-Sectoral Forest Protection Committee (MMFPC) with MLGU Sta.Cruz, Occidental Mindoro, conducted on May 05, 2023.

Further, individual applicants for the Deputation mostly Indigenous People (IP) were already selected during the event while the Group Deputation assigned to Community Based Forest Management Organizations namely; Forest Conserver and Developers Association Inc and Samahang Magsasaka ng Kabangkalan para sa Kaunlaran Inc.

For your information, and record.

**FOR. ANASTACIO A. SANTOS, MPA**

RECORDS
RECEIVED BY:
DATE: 6/22 TIME:
RELEASED BY:
DATE: TIME:

PENRO
RECEIVED BY:
DATE: 6/22 TIME:
RELEASED BY:
DATE: TIME:

TSD
RECEIVED BY:
DATE: 6/23/23 TIME: 9:35am
RELEASED BY:
DATE: 7/3/23 TIME: 11:30am

3-16

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

**June 20, 2023**

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| FOR | : | The CENR Officer |
| THRU | : | The DEPUTY CENR Officer |
| FROM | : | The Enforcement and Monitoring Section |
| SUBJECT | : | **REPORT ON RE-ACTIVATION/REVITALIZE AND ORIENTATION OF MUNICIPAL MULTI-SECTORAL FOREST PROTECTION COMMITTEE (MMFPC) MEETING WITH LGU OF STA.CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO.** |

In compliance with CY 2023 target on Activate/ revitalize MFPCs, PLECCS & other interagency collaborations. The EMS personnel conducted coordination with the Municipal Mayor and eleven (11) Barangays regarding the upcoming meeting and orientation for the Municipal Multi-Sectoral Forest Protection Committee (MFPC).

The orientation/meeting was facilitated by the DENR-CENRO Sablayan/Enforcement and Monitoring Section personnel participated by LGU representatives, Punong Barangays, BLGU Representatives and Uniformed personnel of Sta.Cruz, Occidental Mindoro.

Several Environmental laws including PD 705 or the Revised Forestry Reform Code of the Philippines, RA 9175 also known as the Chainsaw Act, RA 9147 or the Conservation and Protection of Wildlife Resources, as well as DAO No. 17 series of 1995 dated May 1995, the legal basis of MFPC were officially presented to the Committee. After the presentation, the participants elected their new officers because they are no longer active and have been assigned to another municipalities. The Committee had an initial output which was the 1st MFPC Resolution for CY 2023 entitled "Resolution Manifesting Commitment to Strengthen the Multi-sectoral Forest Protection Committee (MFPC) Sta.Cruz, Occidental Mindoro through collaboration/coordination among all members and representatives

In addition, individual applicants for the Deputation mostly Indigenous People (IP) were already selected during the event while the Group Deputation was Community Based Forest Management Organizations namely; Forest Conserver and Developers Association Inc and Samahang Magsasaka ng Kabangkalan para sa Kaunlaran Inc.

Attached are the minutes of the meeting, attendance and geo-tagged photos for your references.

For your information, and record.

Prepared by:

**MARY GRACE C. ROBLES**
Forester I

Attested by:

**ARISTON SJ RAMOS**
Forester II/ Chief, EMS

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

## PHOTO DOCUMENTATION





















Republic of the Philippines
Province of Occidental Mindoro
Municipality of Santa Cruz

MULTI-SECTORAL FOREST PROTECTION COUNCIL

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THIS RE-ACTIVATION OF MULTI-SECTORAL FOREST PROTECTION COMMITTEE MEETING (MFPC) HELD ON MAY 05, 2023 AT MUNICIPAL GYMNASIUM OF STA.CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO.

PRESENT:

See attached attendance dated May 05, 2023

RESOLUTION No. 02
Series of 2023

**HON. ERNESTO P. TORRELIZA**
**Chairman**

**ANASTACIO A. SANTOS**
**CENR Officer**
**Co-Chairman**

**Atty. LEONARDO F. ABELEDA JR.**
**Vice-Chairman**

**MARITES P. MAXIMIANO**
**Treasurer**

**PEMS RICHARD DE JESUS**
**Auditor**

**AINA KRIZIA S. VIRAY**
**Secretary**

RESOLUTION MANIFESTING COMMITMENT TO STRENGTHEN THE MULTI-SECTORAL FOREST PROTECTION COMMITTEE (MFPC) OF STA. CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO THROUGH COLLABORATION/COORDINATION AMONG ALL MEMBERS AND REPRESENTATION

**WHEREAS,** the DENR is cognizant that the myriad environmental issues and problems cannot be addressed single-handedly but rather by mustering strength and support of the community;

**WHEREAS,** the MFPC is established purposely to become partner of the DENR in the conservation and protection of land, water, air and environment in this municipality;

**WHEREAS,** the MFPC concurs that environmentally-related issues are of mutual concern between DENR, LGU, concern Law Enforcement Agencies and communities thus collaboration / coordination is foremost in order to control or regulate, if not totally eradicate, all known environmentally-related problems besetting this jurisdiction;

**WHEREAS,** as a sign of commitment to operational and strengthen the MFPC, this representation is inclined to constantly convene to consensually determine and address priority environmentally-related issues within each respective jurisdiction;

**WHEREAS,** the members, as a gesture of the furtherance of MFPC agreed to put in place norms to fully operationalize the Committee such as the conduct of regular meeting among others, circulating between and among the members the hosting of the same, and other agreement that may be identified in the future;

**NOW THEREFORE,** be it resolved as it hereby resolved to MANIFEST each member's commitment in order to strengthen the MFPC through collaboration/coordination among all members and presentation.

**APPROVED,** this 05th day of May, 2023 on motion of MFPC Member **PB. TRINITAS D. DEJALON** duly seconded by MFPC Member LGU **ASSESSOR EMER MENDEZ** at Santa Cruz, Occidental Mindoro.

*Attested by:*

**ANASTACIO A. SANTOS**
CENR Officer / Vice Chairman

*Approved by:*

**ERNESTO P. TORRELIZA**
Municipal Mayor / Chairman

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**DENR-CENRO Sablayan, Occidental Mindoro**

**MGA DUMALO:***(Tingnan ang Attendance sa Annex A).*

**A. Pagsisimula**

**1. Pambungad na Pananalangin**

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-10:00 ng umaga sa pamamagitan ng isang "video presentation" na panalangin.

**2. Pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas**

Ang panalangin ay agad namang sinundan ng Pambansang Awit ng Pilipinas sa pamamagitan ng isang "video presentation".

**3. BATI NG PAGTANGGAP:**

Bumati ng isang magandang araw sa lahat si Vice Mayor Mark V. Galsim . Tinanong niya ang mga kalahok kung bakit sila narito ay dahil sa isang orientasyon para sila ay isang Bantay Kalikasan/Gubat. Nabanggit niya na nagkaroon ng isang pagpupulong ang lahat ng sanngunian ng bayan kasama ang kanilang Indigenous Person Mandatory Representative na inatasan ang kanilang IPMR na mag-isip ng isang batas na ipinagbabawal ang pagkakaingin hindi para bawalan sila maghanap-buhay. Sinabi din nya na " isipin nyo ang mga puno ay matagal nang nabuhay at lumaki bago biglang susunugin ng mga katutubo, pag nasunog tatamnan ng palay pagka naisipang lumipat iiwanan na nakatiwangwang nakakalungkot po". At nagpapasalamat ako kay IPMR Paolo atleast mayroon na siyang naipasang batas na ipinagbabawal na ang pagkakaingin. Alam ko mahirap kasi hindi naman basta basta tayo maupuntahan ng pulis, ng DENR at jan na papasok ang pagiging inyong Bantay Kalikasan. Ang Bantay Kalikasan ay huwag ninyo isiping trabaho isipin nyo nilang isang opurtunidad na mapangalagaan kung ano ang sainyo. Kasi kapag nasira nag kalikasan wala na kayong maibibigay na kabuhayan sa inyong mga anak o apo at ang DENR naman lagging nanjan at nakaagapay". Pinaalalahan din niya na ang bawat isa na making at maging aktibo sa oryentasyon magaganap ng buong maghapon. At muli siyang nagpasalamat sa lahat.

**4. PAMBUNGAD NA PANANALITA:**

Bumati ng isang makakalikasang araw si Mayor Ernesto P. Torreliza sa lahat at lalo`t higit sa mga panauhin mula sa tanggapan ng DENR at lahat ng mga katutubo at sa kanilang IPMR na dumalo sa pagpupulong. Nagpasalamat sya sa pagpapaunlak ng kanilang kahilingan na magkaroon ng ganitong orentasyon lalong lalo sa mga katutubo dahil alam naman natin na marami pa sa kababayan natin ang nag iillegal ng mga kahoy. Muli niyang tinanong ang mga kalahok kung sila ba ay sigurado sila na gusto nilang maging isang bantay kalikasan, at sabay sabay naman silang tumango.

**5. INSPIRASYON NA MENSAHE**

Bumati ng isang makakalikasang araw si CENRO sa lahat at sa mga kapatid na katutubo. Ayon sa kanya na mapalad ang mga mamayan ng bayan ng Sta.Cruz dahil nagkaroon sila ng tatlong magigiting at may malaking puso na may pagmamalasakit sa kalikasan. "Kaya po kayo narito sa araw na ito ay nabanggit po sakin ni Mayor na may binubuo siyang Bantay kalikasan at kayo nga po yun. At nabanggit din po niya kanina na kayo ang katuwang ng punong bayan sa pangangalaga ng ating kalikasan o kagubatan. Maliban po doon sa kagubatan pati po ang buhay ilang at ating likas yaman. Kaya bago po kayo madeputized ng aming Regional Executive Director Lormelyn E. Claudio, kinakailangan muna magkaroon tayo ng pagsasanay para bigyan kayo ng kaalaman sa mga batas patungkol sa kagubatan at ano ang kaparusahan at higit sa lahat babanggitin din po kung ano ang inyong magiging trabaho o

responsibilidad bilang isang deputado ng bantay kalikasan. Gaya po ng nabanggit ni vice at ni mayor na sana po maging katuwang naming kayo. Ibalik po natin ang dating ganda. Or kung hindi man po sa kasing ganda noon sana naman mailapit natin doon".

Sinabi din niya na making ang lahat, ipasok nila sa kanilang kaisipan at isapuso nang sa ganun kung sakali man sila ay maging ganap na Bantay kalikasan ay walang makikitang butas sa korte. Dagdag pa niya, isa po sa pinakaimportante na malaman nila ano ba ang batas patungkol sa kalikasan. "Ngayon pa lang po kami po ay nagpapasalamat na nanjan ang puso ni vice at mayor na mapangalagaan ang ating kalikasan. At higit sa lahat lalong matutuwa an gating mahal na Regional Executive Director at atin pong mahal na secretary Ma. Antonia Yulo Loyzaga sa pagbibigay suporta sa bayan ng Sta.Cruz lalong lalo na sa pangangalaga ng ating kalikasan. So yun lamang po at maraming salamat".

**6.0 ORYENTASYON:**

**I. PRESIDENTIAL DECREE NO. 705 (PD 705 Revised Forestry Code of the Philippines)**

Ang PD 705 na sinusugan ng Executive Order 277, ay ang batas patungkol sa pagprotekta ng kagubatan at kakahuyan sa Pilipinas na iprinesenta ni Forester II Ariston SJ Ramos. Ayon sa kanya, ang pagtaglay ng produktong gubat ng walang permiso bilang isang paglabag at muling sinusugan ng Republic Act 7161. Ang layunin ng batas na ito ay upang mai-classify ang mga lupain at maisulong tamang ang pamamahala at paggamit ng pampublikong lupain at maproteksyunan, palaguin at panumbalikin ang ating kagubatan. Ganun din na maisulong ang tamang paggamit ng yamang gubat. Ayon sa kanya na naayon sa batas, masasabi lang na kagubatan pa kung ito nasa 18 % o higit pa ang slope o dalisdis, bagamat may lupain din na kahit ito ay kulang sa 18% kung madami at makapal pa ang kahoy na makikita, masasabi pa rin natin itong kagubatan. Ayon pa sa kanya, sakop ng salitang ito ang lahat ng lupang may lupang titulo at aprubadong patent sa A & D na lupa.

Nabanggit din niya na hindi maaring gamitin bilang proof of ownership ang tax declaration o reality tax. Ayon pa sa kanya, dapat ay may Survey Authority ang magsusurvey ng lupa, maaring ma-kansela ang kanyang lisensya kung lalabag sya sa batas. Sa paggamit at pamamahala nito,walang sinuman ang maaring gumamit, magsamantala, manatili o gumawa ng anumang gawain sa loob ng kagubatan maliban lang kung ikaw ay binigyan ng awtoridad, lisensya o permit ng DENR. Nabanggit din niya ang mga permit na maaring igawad sa ilalim ng batas kabilang din dito ang pagtakda sa mga uri ng mga pribadong lupain upang malaman kung anong uri ng pangangalaga ang dapat ilaan para dito. Ipinaliwanag din niya na ang isa pang mahalagang probisyon ng batas ay ang pangangasiwa sa dami at uri ng kakahuyan na maaring putulin, pati na rin ang pamamaraan ng pagkamit ng lisensiya ng kompanya o pribado na puputol ng puno.

Tinalakay din niya ang isa sa mga batas sa ilalim ng PD 705 ay ang batas ukol sa selective logging, o ang pagpili lamang sa kung anong puno ang dapat iwanan. Ayon sa batas na ito, ang mga punong maaring putulin ay yaong mga punong mayroong dyametrong 60 cm (sa bahagi ng puno na kasing taas ng dibdib ng tao). Ngunit kailangan pa rin nating hintayin ang permit bago isagawa ang pagputol. Ayon pa rin sa kanya, may kapalit ang karampatang pagputol. Ang pamahalaan ay makakakuha ng bahagi ng kikitain mula sa kita ng pagtotroso na 25%. Sinabi niya na sa paraang ito, hindi tuluyang makakalbo ang lupain, na siyang tutulong sa pananatili ng magandang kondisyon ng lupa at para makaiwas sa pagguho ng lupain. Nabanggit din niya ang tungkol sa deed of donation. Ayon sa kanya, ito yong mga kahoy na nakukumpiska ng DENR na pwedeng i-donate lalong lalo na po yong mga abandoned, pero bago ipamigay, kelangan munang ireport sa opisina at hintayin ang Order of Finality galing sa Region ngunit selected din ang pwedeng pagbigyan, ayon pa rin sa kanya, ang School ang priority na mabigyan ng kahoy ngunit kailangan pa rin ng inventory bago i-donate ang kahoy. Idinagadag pa nya na ang nakumpiskang kahoy ay sa opisina lang DENR ang costudy, maari din sa LGU at Barangay hall.

Isa-isa din niya ipinaliwanag ang mga mahahalagang Seksiyon sa Batas na ito at ang mga kaparusahan sa sinumang lumabag dito, Sec. 78 – unlawful kaingin (pinahihintulutan kung sa loob ng pribadong lupain; – unlawful occupation of public lands ( kapag walang permiso; ) Sec. 79 – pasturing livestock ng walang Pasture Lease Agreement, Sec. 80 – illegal occupation ng mga National na Parke at mga Recreation Areas at ang pagsira dito. Sec. 81 - Pagsira sa mga buhay ilang. Sec. 82 – pagsurvey/pagsukat ng kagubatan ng walang kapangyarihan. Sec. 83 – Misclassification by government employee (forest as A&D) Sec. 84 – pagiisyu ng tax declaration ng walang patotoo na ang lupa ay A&D ( Sec.84, R.A. 7161)Sec. 85 – coercing a public officer or employee to commit violations of Sec. 83 and 84.

**II. DENR ADMINISTRATIVE ORDER 97-32 1997 " Administrative Adjudication of illegal Forest Products and the Machinery, Equipment, Tools and Conveyances used in Connection Therewith".**

Isang pagbati ang iginawad ni Ginoong Julius Pastrana sa lahat bago niya sinumulan ang kanyang presentasyon patungkol sa DAO 97-32. " Nabanggit po kanina sa presentasyon ni Sir Aris patungkol sa PD 705 nasasakop po ditto ang pangangasiwa, Pagsamsam, kumpiskasyon at disposisyon. Dito naman po sa DAO 97-32, kasama po ditto ang Iligal Na Pag Aari, Pinutol, Tinipon, Inalis, O Inilakbay Na Mga Produkto Ng Kagubatan, Makinarya, Kagamitan, Kasangkapan At Pagpapatupad Na Ginagamit Kaugnay Nito, At Ng Mga Sasakyan Na Ginagamit Upang Ilipat O Kung Hindi Man ay Transportasyon sa paglilipat nito. Ayon sa kanya na ang **Apprehension** ay ang paunang hakbang na ginawa ng DENR kapag, matapos matukoy ang pagkakaroon ng probable cause para gawin ito, ang mga item na nakalista sa Section 2 **SEIZURE** — Kapag natukoy na ang pangamba ay sinusuportahan ng *prima facie* case laban sa (mga) nagkasala, ang pag-agaw ay ang opisyal na pagkuha ng mga taong awtorisadong ilagay sa kustodiya ng gobyerno ang mga bagay na nakalista sa Section 2 dito, habang nakabinbin ang pormal na administrative proceedings para sa disposisyon nito. **KUMPISKASYON** — Sa pagpapasiya ng pagkakasala sa mga kasong administratibo na nakabalangkas sa ilalim nito, ang kumpiskasyon ay ang opisyal na gawain ng DENR na nagpapahayag na ang mga bagay na nakalista sa Seksyon 2 dito ay magiging pag-aari ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas.

Tinalakay din niya ang ibat-ibang uri ng produktong gubat na tumutukoy Sa Mga Kahoy Kabilang Ang Mga Kahoy, Pulpwood, Panggatong, Bark, Tuktok Ng Puno,Dagta, Gum, Kahoy, Langis,Pulot, Beeswax, Nipa, Rattan, Uling, O Iba Pang Pagtubo Ng Kagubatan, Tulad Ng Ngunit Hindi Limitado Sa Mga Damo, Palumpong, Namumulaklak Na Mga Halaman Sa Mga Lupaing Gubat, At Iba Pa. At nabanggit din niya na ang mga opisyal at empleyado ng DENR ang ahensya sa pagpapatupad ng mga batas, patakaran at regulasyon sa kagubatan ng Pilipinas.

Ibinahagi din niya ang mga bagay na napapailalim sa paghuli, pag agaw, kumpiskasyonILLEGAL FOREST PRODUCTS — Anumang (mga) produkto ng kagubatan na tinukoy sa Seksyon 1 (e) sa itaas na tinanggal, pinutol, kinokolekta, pinoproseso at/o dinala: (a) nang walang pahintulot o permit: o (b) na may hindi kumpletong kinakailangang mga suportang dokumento (ibig sabihin, ang mga dokumentong hinihingi ng batas, mga patakaran at regulasyon na pinangangasiwaan ng DENR);(c) na may tunay na awtorisasyon o permit at/o suportang dokumento na may expired na validity, nakansela o naglalaman ng mga pekeng entry; o(d) na may spurious (fake) authorization's, permits at/o supporting documentation. Sa pagpapatupad ng mga Panuntunan na ito, ang mga orihinal na dokumento ay kinakailangan sa lahat ng oras upang aktwal na samahan ang anumang mga produkto ng kagubatan na inilipat o transported sa anumang lugar at para sa anumang layunin, **MAKINARYA, KAGAMITAN, KASANGKAPAN at IMPLEMENTS** — ginagamit sa pag-aari, pagtitipon, pagkolekta, *pagproseso* at/o transportasyon ng mga iligal na produkto ng kagubatan.

Isa pa sa kanyang nabanggit ay patungkol sa kaparusahan, na nabanggit *sa ART. 309 Revised Penal Code - Pagnanakaw"*(a) Pagpoaching, pagpatay, pagsira, paggambala sa anumang mga wildlife kabilang na sa mga pribadong lupain sa loob ng protektadong lugar; Ang multa na hindi kukulangin sa Dalawang daang libong piso (P200,000) ngunit hindi hihigit sa Isang milyong piso (P1,000,000) o pagkabilanggo mula sa isang (1) taon ngunit hindi hihigit sa anim na taon, o pareho, at dagdag pinsala na triple ang halaga ng nasabing mga mapapagkukunan, o pareho, ay dapat ipataw sa sinumang tao na lumabag sa talata hanggang (e) ng Seksyon 20 dito;"(b) Pangangaso, pagkuha, pagkolekta, o pag aari ng anumang ligaw na hayop, o mga produktong nagmula dito, kabilang ang sa mga pribadong lupain sa loob ng protektadong lugar nang walang kinakailangang permit, awtorisasyon. Ang multa na hindi kukulangin sa Dalawang daang libong piso (P200,000) ngunit hindi hihigit sa Isang milyong piso (P1,000,000) o pagkakakulong mula (1) taon ngunit hindi hihigit sa anim (6) na taon, o pareho, ay dapat ipataw sa sinumang taong lalabag sa talata hanggang (n) ng Seksyon 20 dito, Pagpuputol, pagtitipon, pag alis o pagkolekta ng troso sa loob ng protektadong lugar kabilang ang pag provate ng mga lupain doon, nang walang kinakailangang permit, awtorisasyon, sertipikasyon ng mga nakatanim na puno o exemption ang mga naturang gawain ay ginagawa alinsunod sa nararapat na kinikilalang mga kasanayan ng mga IP / ICC para sa kabuhayan ng mga puposes; " Ang multa na hindi kukulangin sa Isang milyong piso (P1,000,000) ngunit hindi hihigit sa Limang milyong piso (P5,000,000) o pagkabilanggo mula sa anim (6) na taon ngunit hindi hihigit sa labindalawang (12) taon, o pareho, ay dapat ipataw sa sinumang taong lalabag sa talata (o) sa (v) ng seksyon 20 dito.Panghuli niyang prinisinta ang pagkakaiba ng dokumento ng filing ng administrative case, criminal case na iprepresenta sa Prosecutor Office.

## III. REPUBLIC ACT NO. 9175 (*CHAINSAW ACT OF 2002*)

Sinumulan ni Forester-I April A. castro ng pagbati ng “Magandang Tanghali at nasabi din niya na mapalad ang bawat isa na napili na maging isang Bantay kalikasan ng kanilang bayan. Ayon pa sa kanya ang isa mga obhektibo ng kanyang presentasyon ay kung paano maging legal ang kanilang mga chainsaw. Iprinisenta at ipinaliwanag ang pagpapalawak ng mga alituntunin at regulasyon ng DAO 2003-24. Kasunod na binangit ang patakaran ng estado na naayon sa konstitusyon na pangalagaan ang pagpapaunlad at protektahan ang yamang kagubatan sa ilalim ng napapanatiling pamamahala. Na sa layuning ito, dapat isulong ng estado ang isang agresibong programa sa pangangalaga sa kagubatan na nakatuon sa pagaalis ng iligal na pagtotroso at iba pang anyo ng pagkasira ng kagubatan na pinapadali sa pagamit ng mga chainsaw. Ang estado lamang ang magreregula ng pagtataglay, pagsalin, pagbili at pagbabyahe ng chainsaw upang maiwasan ang illegal na pagpuputol at pagkaubos ng kagubatan.

Ayon pa sa kanya na hindi maari na ang Barangay o munisipyo ang magrehistro ng chainsaw kundi ang tanggapan lamang ng ahensya ng DENR.Ipinaliwanag nya kung sino-sino ang maaaring maglulan o magkaroon ng chainsaw, ito ay ang: holding of a subsisting timber lumber agreement, Production sharing Agreement, Co-Prodution Sharing Agreement, Private Land Timber Permit/Special private land timber permit, community base forest mangament agreement agreement (CBFM), Integraded Forest Management (IFMA), Socialized Indutrial Forest Management (IFMA, orchard or fruit tree farming, industrial tree farmer, license wood processor at ang chaisaw ay gagamitin lamang sa legal ng nasabing aplikante, tulad ng mga ahensya nagpapakita ng kasiya-siyang patunay na ang pagamit ng chainsaw ay para sa legal na layunin tulad pagtumba ng mga puno dahilan ng bagyo. Kasunod nito ang pagpapaliwanag kung ano ano ang nga dokumento na kailangang ipresenta sa pagpaparehistro ng chainsaw, kung ilang taon ang bisa nito at kung sino-sino ang may otoridad para sa ibat ibang uri ng plantasyon para sa pagpaparehistro. Ipinaliwanag nya na ang pagpaparehistro ng chainsaw ay may halagang 500 pesos at ang parehong halaga din ang babayaran para sa renewal.

Nabanggit din niya ang mga Illegal na Gawain at kaprusahan na kung (a)sinumang tao na nagbebenta, bumili, naglipat ng pagmamay-ari, namamahagi, o kung hindi man ay nagtatapon o nagtataglay ng chain saw nang hindi muna nakukuha ang kinakailangang permit mula sa Departamento ay parurusahan ng pagkakulong ng apat na taon, dalawang buwan at isang araw hanggang anim na taon o multa. ng hindi bababa sa Labinlimang Libong Piso (P15,000) ngunit hindi hihigit sa Tatlumpung Libong Piso (P30,000), o pareho, sa pagpapasya ng korte, at ang chain saw ay nakumpiska ng pabor sa gobyerno. (b) Ang sinumang tao na nag-aangkat o gumagawa ng chain saw nang hindi kumukuha ng paunang awtorisasyon mula sa Departamento ay parurusahan ng pagkakulong ng hindi bababa sa isang buwan o higit sa anim na buwan at multang hindi bababa sa Isang Libo Piso (P1,000) o higit pa sa Apat na Libong Piso (P4,000). (c) Ang sinumang taong mapapatunayang nagbago o nagtampered sa orihinal na registered engine serial number ng alinmang chain saw unit ay paparusahan ng pagkakulong ng hindi bababa sa isang buwan o higit sa anim na buwan at multang hindi bababa sa Isang Libo Piso (P1). ,000) o higit sa Apat na Libong Piso (P4,000).(d) Ang sinumang tao na mapapatunayang may hawak ng chain saw at gumamit nito sa pagputol ng mga puno at troso sa kagubatan o sa ibang lugar maliban kung pinahintulutan ng Departamento ay paparusahan ng pagkakulong ng anim na taon at isang araw hanggang walong taon o multa. ng hindi bababa sa Tatlumpung Libong Piso (P30,000) ngunit hindi hihigit sa Limampung Libong Piso (P50,000), o pareho, sa pagpapasya ng korte nang walang pagkiling sa pag-uusig para sa isang hiwalay na pagkakasala na maaaring sabay-sabay na ginawa. Ang chain saw na labag sa batas na ginamit ay dapat ding kumpiskahin pabor sa gobyerno.

**IV. RA 9147 "WILDLIFE RESOURCES CONSERVATION AND PROTECTION ACT" (BUHAY-ILANG)**

Kinatawanan ni Ecoms-I, Herold Casto ang presentasyon tungkol sa Buhay-ilang, ipinaliwanag niya ang mga layunin ng batas na ito ay Pangalagaan at Protektahan ang mga uri ng buhay ilang at tahanan nito upang isulong ang "balanseng ekolohiya" at pagdaragdag ng samu't – saring buhay (biological diversity), Pangasiwaan ang pangongolekta at pangangalakal ng buhay ilang. Pagpapatuloy ng mga pangako ng Pilipinas sa internasyonal na kasunduan sa pangangalaga sa mga buhay ilang at mga tirahan nito, na may pagsaalang alang sa pambansang interes, Pagsisimula sa mga pang-siyentipikong pananaliksik sa pangangalaga ng samut – saring buhay.

Nabanggit din niya ang ibat ibang uri ng banta sa mga buhay ilang dito sa pilipinas. Una, banta (Threatened Species) Pangkalahatang pantawag sa uri ng buhay ilang na ituturing na lubhang nanganganib, nanganganib, madaling maapektuhan o iba pang tanggap na kategorya ng buhay-ilang na ang populasyon ay nasa peligro ng mawala. Pangalawa Lubhang Nanganganib na uri (*Critical endangered species*) Mga uri ng buhay-ilang na nahaharap sa labis na mataas na peligro na mawala na sa kasukalan sa lalong madaling panahon.Pangatlo, Nanganganib na uri (*endangered species*) Mga uri ng buhay-ilang na hindi lubhang nanganganib ngunit ang pamumuhay sa kasukalan ay walang katiyakan kung ang mga sanhing salik ay magpapatuloy. Pang-apat, Naapektuhan na uri (*vulnerable species*) Mga uri ng buhay-ilang na hindi lubhang nanganganib o nanganganib ngunit may banta mula sa nakakasamang salik sa kabuuan ng kanilang ginagalawan at malamang sa malilipat sa kategoryang nanganganib sa madaling panahon.

Ipinaliwanag di niya ang mga Gawain at limitasyon sa ilalim ng batas kagaya ng pagkolekta ng buhay ilang, Pagtataglay ng buhay-ilang, Pagkolekta at/o pagtataglay ng *by-products* at derivatives, Lokal na paglulan/ pagbyahe ng buhay-ilang, by-products at derivatives, Pagluwas o pag- angkat ng buhay-ilang, Introduction, re-introduction o restocking ng katutubong uri (indigenous species) Pagpasok ng buhay-ilang na galing sa ibang bansa ("exotic species") Dagdag pa rito, Iprinesenta rin niya ang mga Mga Paglabag at Parusa na nakapaloob sa batas na ito: (a) Pagpatay at pagsira ng uri ng buhay-ilang- Pagkakulong mula anim (6) na buwan at isang araw hanggang labindalawang (12) taon at/o multang nagkakahalaga mula sampung libo(10,000) hanggang isang milyong piso (1,000,000.00) (b) Pananakit na magdudulot ng pagkapilay o pagkakapinsala ng sistemang pangreproduksyon ng buhay-ilang - Pagkulong at/o multa ayon sa kategorya ng buhay ilang

(c) roduction, reintroduction, restocking ng buhay ilang - Pagkulong: 1 buwan hanggang 8 taon at/o Multa: P 5,000 hanggang 5 milyon (d) Pagkokolekta, pangangaso o pagtaglay ng buhay ilang, mga "by products at derivatives" Pagkulong at/o multa ayon sa kategorya ng buhay ilang Penalties:Imprisonment of 10 days to 4 years at Fine of P1,000.00 to P300,000.00 (e) Pagmaltrato o pagpipinsala na hindi kasama sa nabanggit sa itaas. Dagdag pa niya ang mga karagdagang parusa katulad ng Pagkumpiska ng lahat ng buhay ilang, derivatives at by-products, lahat ng kasangkapan, gamit at sasakyan na ginamit sa paglabag ng batasKung ang sasakyan ay pagmamay-ari ng ibang tao na walang kinalaman sa paglabag, maaari itong ibalik sa may-ari; atKung dayuhan ang lumabag – pagpapalayas dito pagkatapos na pagserbisyo ng sentensya at pagbayad ng multa.

**V. DUTIES AND RESPONSIBILITIES OF BANTAY-GUBAT**

Nagsagawa si Gng. Karreen D. Alvarez, ng oryentasyon para sa mga Community Environment na napili ng kanilang barangay bilang Wildlife Enforcement Officer. Binigyan sila ng kaalaman para sa panghuhuli ng mga forest products at kung paano maprotektahan, mapangalagaan at lalo pang palaguin ang ating kagubatan, at kung ano ang posible nilang gawin kapag may nakita silang nag-iillegal at lumalabag sa batas.

Tinalakay at isa isa niyang ipinaliwang ang mga responsibilidad ng isang Bantay Gubat una ay subaybayan ang mga illegal loggers hindi lang mga mangangakahoy kundi pati ang mgamangangaso at nagmimina. Pangalawa ay I assist or tumulong sa pagsagawa ng panghuhuli or apprehension kasama ang mga taga DENR at iba pang ahensya katulad ng ng kapulisan, kasundaluhan at ang LGU. Pangatlo ay magsagawa ng pagpapatrol sa nasasakupang Barangay para po maiwasan ang mga illegal na pangyayari katulad sa ngayon ay tag-init na at syempre Makita rin po natin kung yung area na iniikutan pa natin ay may mga kahoy pa or baka mayroon mga nakatirang iskwater or illegal settlers. Kailangan din po natin bantayan ang mga tirahan ng mga buhay ilang hindi lamang po puro kahoy ang i monitor natin.

**RA 7942 PHILIPPINE MINING ACT**

Sinimulan ni CENRO Anastacio A. Santos ang kanyang pagpresenta sa pamamagitan ng pag recall ng mga naunang prenesenta. Ayon sa kanya na kapag ang mga kalahok ay isang ganap na deputado sa Departamento ay kayo ay magkakaroon ng katungkulan. "Kapag ito ay kahoy, ang una ninyong tatanungin ay kung saan ito galing, kung sa gubat ba o pribado, pangalawa kung meron ba itong legal na dokumento o permit galing sa DENR, pag wala hayaan niyo muna, tumawag po kayo sa amin o sa police para makaalalay at kami na ang susunod na gagawa ng aksyon. At uulitin ko po na hindi lamang kahoy kasama po jan ang mga buhay-ilang".

Sinabi din niya pagdating naman po sa pagmimina ay hindi na nia masyadong tatalakayin dahil ang meron lang dito ay ang graba at bato lang. "Simple lang naman, Aalamin niyo lng kung may permit galing kay gobernador, at titingnan din po ninyo kung ito ay may delivery receipt. Pag wala, papahinto niyo po muna at ang tatawagan po ninyo jan ay hindi ang taga DENR kundi si MENRO. At sinabi din niya na bawal magmina sa kabundukan dun lamang sa tabing ilog na mayroong permiso mula sa ahensya ng pamahalaan. Hindi rin pwede na magmina ng mga mamahaling mineral sa kapatagan".

Ipinakita at ipinaliwag niya ang picture kung bakit mahalaga ang pangangalaga sa kalikasan, "una dito kayo or tayo nangunguha ng mga ibang pagkain, halimbawa po ung name, alternatibo sa bigas na nasa kagubatan, pangalawa, sa kabundukan din nanggagaling ang ibang halamang gamot at ganun din po sa ingredients sa paggawa ng mga mamahaling gamot, pangatlo ay dahil jan nangangaling ang ating inumin. Sabi nga nila hindi mabubuhay ng ilang araw ang tao kung walang tubig. Ang tubig ay galing po sa ating kabundukan. Pagpatak yan, may punong kahoy at mananatili yan sa ugat at mananatili sa loob yan na parang tangke at pagdating ng tag-init nilalabas nya yan kaya mayroon pong dumadaloy sa ilog. Kaya pag wala pong kahoy ang tubig ay hindi nananatili sa taas kaya pagbaba ng tubig kulay brown po ang kulay nito dahil may kasama nap o itong lupa. Kaya napakahalga po talaga na maproteksyunan natin ang ating kagubatan at hindi dapat masira. Pang huli kapag ang bundok ay maganda o mapuno, kapag kayo problemado o may problema pwede

ka pumunta sa bundok dahil malamig ang simoy ng hangin at pakinggan ang mga huni ng mga ibon nakakawala ng problema. Subalit sa panahon natin ngayon, karamihan ginagawa nilang negosyo ang ating kabundukan. Kaya napakahalaga po talaga na ang bawat isa ako, ikaw, tayong lahat ay meron tayong responsibilidad sapagkat ditto tayo naninirahan, jan tayo nakikinabang kaya responsibilidad nating lahat na pangalagaan an gating kagubatan at dapat tayong magkaisa sa paggawa nito sa National, lokal a at kayo mga tao na nasa lkomunidad. Kung ano po ang nakikita nating problema dapat ay iparating niyo sa kinauukulan. Kaya maganda po ang intension ng inyong alkalde na magkaroon ng Bantay gubat ang inyong bayan ng sta.Cruz para mapangalagaan ang inyong natitirang kagubatan. Kaya natutuwa po ang DENR dahil kayo po ang katuwang namin sa pangangalaga n gating mahal na kalikasan".

Ayon pa sa kanya, ang isang Bantay Kalikasan o Tagapagtanggol ng kalikasan ay may responsibilidad at pananagutan, may malaking puso at pagmamahal sa kalikasan. Natapos ang kanyang presentasyon sa isang paalala" ang isang bantay kalikasan ay tapat sa kanyang tungkulin na sinumpaan at handang ipatupad ang mga batas ng kalikasan para kapakanan ng mamamayan".

**Pagtatapos ng pagpupulong**

Ang pagpupulong ay natapos sa pamamagitan ni Indigenous Person Mandatory Representative (IPMR) Paolo Cawayan. Pinasalamatan din niya ang mga kawani ng DENR dahil lahat ng kanilang prinesenta ay komplete rekado na. Pinaalalahan din niya ang lahat na ang bawat isa ay may responsibilidad at dapat may didikasyon sa pagganap bilang isang Bantay Gubat.

Ang pagpupulong ay natapos sa ganap na ika-3:30 ng hapon.

Inihandani:

**MARY GRACE C. ROBLES**
Forester I

Sinuri at pinatutunayan:

**ARISTON SJ RAMOS**
Forester II

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**ACTIVITY:** LECTURES ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES LAWS AND POLICIES RELATED TO FOREST PROTECTION

**LOCATION** MUNICIPAL MANGYAN'S AFFAIR OFFICE, STA. CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO **DATE:** JUNE 7, 2023

| NO | NAME | DESIGNATION/OFFICE | CONTACT NUMBER | AGE | SEX | | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | MALE | FEMALE | |
| 1. | Cilio Maligaya Caayon | | | 66 | / | | |
| 2. | Jun Basa | | | 70 | / | | JBASA |
| 3. | Martino Garang Singalo | | | 90 | / | | |
| 4. | Lito P. Dapito | | | 54 | / | | L.D. |
| 5. | Carlito A. Basa | | | 48 | / | | |
| 6. | Regolar Alugdo Balebanan | | | 29 | / | | |
| 7. | Sandobal C. Basito | | | 40 | / | | |
| 8. | Arnold Garang Basito | | | 32 | / | | |
| 9. | Odel B. Cabisilla | | | 68 | / | | CR |
| 10. | Rodrigo Diga Daseco | | | 58 | / | | |
| 11. | Roger Lintanugan | | | 71 | / | | |
| 12. | Nikko Ruben Basa | | | 28 | / | | |
| 13. | Bansalagin B. Kibasilug | | | 47 | / | | |
| 14. | Marconi B. Mambo | | | 80 | / | | |
| 15. | Emilio Mambo | | | 27 | / | | |

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**ACTIVITY:** LECTURES ON ENVIRONMENTAL AND NATURAL RESOURCES LAWS AND POLICIES RELATED TO FOREST PROTECTION
**LOCATION:** MUNICIPAL MANGYAN AFFAIR OFFICE, STA. CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO **DATE:** JUNE 7, 2023

| NO | NAME | DESIGNATION/OFFICE | CONTACT NUMBER | AGE | SEX | | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | MALE | FEMALE | |
| 16. | Jerryboy Basa | | | 32 | / | | Jerry boy |
| 17. | Rodman S. Calas | | | 39 | / | | RCalas |
| 18. | Enares P. Mambo | | | 21 | / | | [signature] |
| 19. | Carlito M. Marcial | | | 40 | / | | [signature] |
| 20. | Benly Dangeros Sinyaso | | | 41 | / | | [signature] |
| 21. | Corelo I. Tenumbas | | | 37 | / | | [signature] |
| 22. | Angel Mauricio Almano | | | 22 | / | | Alep |
| 23. | Markjay Lintawagin | | | 26 | / | | Markjay L. |
| 24. | Felian Bulian | | | 89 | / | | [signature] |
| 25. | Homer Diogo Paulino | | | 40 | / | | [signature] |
| 26. | Timoteo C. Pablo | | | 35 | / | | [signature] |
| 27. | Rex A. Fausto | | | 45 | / | | REX FAUSTO |
| 28. | Fustevero Sinyaso | | | 80 | / | | P S |
| 29. | Rolly S. Lintawagin | | | 25 | / | | ROLLY C. |
| 30. | Deling Casablay | | | 52 | / | | D.C |

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**ACTIVITY:** LECTURE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES LAWS AND POLICIES RELATED TO FOREST PROTECTION
**LOCATION** MUNICIPAL MANGYAN'S AFFAIR OFFICE, STA CRUZ, OCCIDENTAL MINDORO **DATE:** JUNE 7, 2023

| NO | NAME | DESIGNATION/OFFICE | CONTACT NUMBER | AGE | SEX | | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | MALE | FEMALE | |
| 31. | Tiban D. Dangeros | | | 53 | / | | T D |
| 32. | Aguristo S. Garong | | | 62 | / | | A G |
| 33. | Erik L. Basa | | | 39 | / | | Eric Basa |
| 34. | Julio M. Lintawagin | So. Landing | 0926 | 51 | ✓ | | [signature] |
| 35. | Adugor B. Katiwala | | | 24 | / | | AD |
| 36. | Robin S. Murinte | | | 38 | / | | R M |
| 37. | Bernie L. Aguisiman | | | 44 | / | | Bernie |
| 38. | Lino Calabito Bangcango | | | 87 | / | | [signature] |
| 39. | Marlito D. Sarubay | | | 45 | / | | [signature] |
| 40. | Edwin B. Mariano | | | 53 | / | | Edwin |
| 41. | Nardo Lalosan Basa | | | 83 | / | | N a |
| 42. | Rod D. Lorenzo | | | 43 | / | | Ry |
| 43. | Melvin O. Lorenzo | | | 31 | / | | M. L |
| 44. | Teddy C. Bungcayo | | | 21 | / | | [signature] |
| 45. | Jay M. Delos Reyes | | | 51 | / | | [signature] |

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**ACTIVITY:** LECTURES ON ENVIRONMENTAL AND NATURAL RESOURCES LAWS AND POLICIES RELATED TO FOREST PROTECTION
**LOCATION** MUNICIPAL MANGYAN'S AFFAIR OFFICE, STA CRUZ, OCC. MINDORO **DATE:** June 7, 2023

| NO | NAME | DESIGNATION/OFFICE | CONTACT NUMBER | AGE | SEX MALE | SEX FEMALE | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 46. | Gagan Oscado Lorenzo | — | | 35 | ✓ | | [signature] |
| 47. | Noel Mariña Sario | [illegible] | | 33 | ✓ | | Noel [signature] |
| 48. | Renan Cayetano Guilagid | [illegible] | | 34 | ✓ | | [signature] |
| 49. | Rey Ba. Mambo | [illegible] | | 32 | ✓ | | [signature] |
| 50. | Danilo Banggol Lorenzo | [illegible] | | 89 | ✓ | | Danilo L |
| 51. | Junion D. Cabicilla | — | | 43 | ✓ | | Junior [thumbprint] |
| 52. | Alex Umalman Bangkiling | — | | 54 | ✓ | | |
| 53. | Caraban M. Lintanagan | — | | 30 | ✓ | | C L |
| 54. | Powi K. Sumindang | — | | 20 | ✓ | | PISI |
| 55. | Delo Garcia | — | | 22 | ✓ | | Delo |
| 56. | Jun M. Oscado | — | | 51 | ✓ | | Jan |
| 57. | Bernito Vicente | — | | 40 | ✓ | | Bernito |
| 58. | MANASIS B. MARIANO | — | | 23 | ✓ | | MS |
| 59. | Timoteo C. Pablo | [illegible] | | 35 | ✓ | | |
| 60. | MA. MENCHIE QUIÑONES | | | | | ✓ | [signature] |

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**ACTIVITY:** LECTURE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES LAWS AND POLICIES RELATED TO FOREST PROTECTION
**LOCATION** MUNICIPAL MANGYAN'S AFFAIR OFFICE, STA. CRUZ, OCC. MINDORO **DATE:** JUNE 7, 2023

| NO | NAME | DESIGNATION/OFFICE | CONTACT NUMBER | AGE | SEX | | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | MALE | FEMALE | |
| 61. | Ken Pulintos Bulan | | | 32 | ✓ | | Ken Pilian |
| 62 | Rayan M. Lorenzo | | | 35 | ✓ | | Ryan Lorinso |
| 63. | Opring Seniabo | | | | ✓ | | OPPnig |
| 64 | Abling Dangeros | | | | ✓ | | |
| 65 | APRIL D. AMORES-CASTRO | FOR. I / RPS-F&W | | 32 | | ✓ | [illegible] |
| 66. | HEROLD S. CASTRO | ECOMS I | | 34 | ✓ | | [illegible] |
| 67 | JULIUS PASTRANA | Legal Researcher | | 48 | ✓ | | [illegible] |
| 68 | YULIBETH F. ARCOLA | | | | | | [illegible] |
| 69. | KARREEN D. ALVAREZ | | | | | | [illegible] |
| 70 | Arman T. Villag | FPO | | 29 | ✓ | | [illegible] |
| 71 | Mary Grace C. Robles | PENRO-CENRO Sony / FI | | 29 | | ✓ | [illegible] |
| | [illegible] | FCT | | 47 | ✓ | | [illegible] |
| | [illegible] | CENRO | | 60 | ✓ | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |